# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 64*
# *Magkaroon ng Tamang Pananampalataya*

***"1 At sinabi niya sa kaniyang mga alagad Hindi mangyayari na di dumating ang mga kadahilanan ng pagkakatisod; datapuwa't sa aba niyaong pinanggalingan.2 Mabuti pa sa kaniya kung bitinan ang kaniyang leeg ng isang gilingang bato, at siya'y ihagis sa dagat, kay sa siya'y magpatisod sa isa sa maliliit na ito. 3 Mangagingat kayo sa inyong sarili: kung magkasala ang iyong kapatid, sawayin mo siya; at kung siya'y magsisi, patawarin mo siya. 4 At kung siya'y makapitong magkasala sa isang araw laban sa iyo, at makapitong magbalik sa iyo na sasabihin, Pinagsisisihan ko; patawarin mo siya.5 At sinabi ng mga apostol sa Panginoon, Dagdagan mo ang pananampalataya naming. 6 At sinabi ng PANGINOON, Kung mangagkaroon kayo ng pananampalataya na kasing laki ng isang butil ng binhi ng mostasa, sasabihin ninyo sa puno ng sikomorong ito, Mabunot ka, at matanim ka sa dagat; at kayo'y tatalimahin.7 Datapuwa't sino sa inyo, ang may isang aliping nagaararo o nagaalaga ng mga tupa, na pagbabalik niyang galing sa bukid ay magsasabi sa kaniya, Parito ka agad at maupo ka sa dulang ng pagkain;8 At hindi sasabihin sa kaniya, Ipaghanda mo ako ng mahahapunan, at magbigkis ka, at paglingkuran mo ako, hanggang sa ako'y makakain at makainom; at saka ka kumain at uminom? 9 Nagpapasalamat baga siya sa alipin sapagka't ginawa ang iniutos sa kaniya? 10 Gayon din naman kayo, pagka nangagawa na ninyo ang lahat ng mga bagay na sa inyo'y iniutos, inyong sabihin, Mga aliping walang kabuluhan kami; ginawa namin ang katungkulan naming gawin." (Lucas 17:1-10)***

Ang ating Panginoong JesuCristo ay nakikipag-usap at nagsasalita sa Kanyang mga alagad at binanggit Niya sa kanila ang mahahalagang tuntunin tungkol sa pananampalataya at kung paano nila kailangan ipamuhay ang kanilang sarili sa sanglibutan. Habang ating babasahin at pag-aaralan nang magkakasama ang kasulatan, matutuklasan natin ang katotohanan at katunayan na kailangan nating malaman at maisagawa sa ating buhay na magpapasakdal sa ating pananampalataya.

***1. Ang mga pagkatisod ay darating "At sinabi niya sa kaniyang mga alagad Hindi mangyayari na di dumating ang mga kadahilanan ng pagkakatisod; datapuwa't sa aba niyaong pinanggalingan." (Lucas 17:1 KJV)*** Ang mga pagsubok o kapahamakan ay darating, at kahit ang mga tao ay guguluhin tayo at magkakasala laban sa atin. Kahit ano pa man ang iyong pag-iwas o protektahan ang iyong sarili mula sa mga kaguluhan, suliranin, o paglabag, sila ay darating pa rin sa iyong buhay. Ang mga pagkatisod ay masasamang bagay na matatanggap natin mula sa mga tao, pareho silang nasa palibot natin at pinaglilingkuran natin.

***2. Kailangan mong maging masunurin sa Dios at panatilihin ang mabuting patotoo, "At sinabi niya sa kaniyang mga alagad Hindi mangyayari na di dumating ang mga kadahilanan ng pagkakatisod; datapuwa't sa aba niyaong pinanggalingan." (Lucas 17:1 KJV)*** Sa kabila ng lahat ng pagkatisod laban sa iyo, kailangan pa rin ng Panginoon sa iyo na maging masunurin sa iyong pagtawag at panatilihin ang mabuting patotoo, sa gayo'y makilala at makita ng iba si Cristo sa iyo. Kailangan mong panatilihin ang mabuting halimbawa. Ikaw ay may pananagutan sa Dios na panatilihin ang tamang huwaran ng buhay kahit na ikaw ay nagdaraan sa mga kaguluhan. Alalahanin na ang mga tao ay nakatingin sa iyo at pinagmamasdan ka. Kung tumutugon ka nang negatibo sa mga pagkakatisod sa pamamagitan ng pag-alis sa paglilingkod sa Dios, sa pagganti sa masamang paraan sa ganyang pagkatisod, kung ganon ikaw ay nagiging masamang halimbawa sa iba at magsasanhi sa kanila ng pagkatisod at pagbagsak. May mga tao sa paligid mo na hindi pa ganap sa pananampalataya at kung makikita ka sa pagganti ng masama sa mga paglabag maari silang matisod dahil sa iyo.

***3. Haharapin ng Dios ang mga nagdudulot ng mga pagkatisod: "datapuwa't sa aba niyaong pinanggalingan.2 Mabuti pa sa kaniya kung bitinan ang kaniyang leeg ng isang gilingang bato, at siya'y ihagis sa dagat, kay sa siya'y magpatisod sa isa sa maliliit na ito." (Lucas 17:1-2 KJV)*** Ang paghihiganti ay napapaloob sa Dios at Siya mismo ang haharap sa gumagawa ng masama na nagkakasala laban sa iyo. Ikaw ay haharapin din Niya nang may katarungan kung nakita Niya na ikaw ay nagbibigay ng masamang halimbawa sa iba. Hindi mo kailangang maghiganti at gumawa ng masama sa mga nagdadala ng mga pagkatisod sa iyo, dahil kalooban ng Dios, at kailangang Siya ang humarap sa kanila at hindi ikaw. (Alalahanin, kayang harapin ng Dios ang iyong mga kaaway sa mas higit na bagay kaysa sa iyong makakaya!)

***4. Ingatan ang iyong sarili, "3 Mangagingat kayo sa inyong sarili: kung magkasala ang iyong kapatid, sawayin mo siya; at kung siya'y magsisi, patawarin mo siya." (Lucas 17:3 KJV)*** Ingatan ang iyong sarili at iwasang maghiganti sa maling nagawa sa iyo at kunin ang lugar ng dios sa pagharap sa mga gumagawa ng masama. Ingatan ang iyong sarili habang ikaw ay dumaraan sa mga pagsubok at maging maingat na panatilihin ang iyong mabuting patotoo.

***5. Maging may pananagitan na harapin ang kasalanan, "kung magkasala ang iyong kapatid, sawayin mo siya;" (Lucas 17:3 KJV)*** Ikaw ay may pananagutan na harapin ang mga nagkasala laban sa iyo at sawayin sila.

Huwag purihin ang mga gumaw ng mali, huwag iwasang harapin sila, at alinamang huwag magsalita sa likuran nila. Kailangan mong puntahan at harapinn silaa at sabihin nang direkta sa kanila at hindi sa ibang tao. Nais ng Dios ang malinaw sa Kanyang simbahan at walang pakikipagkompromis; ang kasalanan at mga makasalanan ay dapat harapin.

***6. Patawarin ang mga nagsisisi, "at kung siya'y magsisi, patawarin mo siya." (Lucas 17:3 KJV)*** Nais ng Dios sa atin na patawarin ang mga makasalanan at tanggapin sila pagkatapos nilang magsisi. Talagang nais ng Dios sa atin na patawarin ang mga nagsisi, ***"4 At kung siya'y makapitong magkasala sa isang araw laban sa iyo, at makapitong magbalik sa iyo na sasabihin, Pinagsisisihan ko; patawanrin mo siya." (Lucas 17:4 KJV)*** Iniugnay dito ni Jesus ang pagpapatawad sa pagsisisi. Hindi Niya iniugany dito sa pagsasabi ng 'paumanhin'. Marami ang darating at sasabihin 'paumanhin', ngunit sila'y hindi nagsisisi. Huwag ka dapat tumangging patawarin ang mga nagsisisi. Ang ibig niyang sabihin sa ***"makapitong magkasala sa isang araw"***, siguro ito'y kaugnay sa iba't ibang mga kasalanan, sa kung saan kailangan mong magpatawad gaya ng sila'y nagsisisi.

***7. Maging may kamalayan sa uri ng pananampalatayang mayroon ka, "At sinabi ng mga apostol sa Panginoon, Dagdagan mo ang pananampalataya namin." (Lucas 17:5 KJV)*** Pagkatapos marinig ng mga apostol ang nais ng Panginoon mula sa kanila na gawin sa kanilang buhay, at maging may pananagutan para harapin ang kasalanan at kung paanong ang kalinawan ay mas kinakailangan at ang pagsisisi ay dapat kinakailangan upang patawarin, ang kanilang responsibilidad ay magpatawad sa mga nagsisi, sa gayon kanilang sasabihin sa Panginoon, ***Dagdagan mo ang pananampalataya namin."*** Ito ay parang mabigat na bagay sa kanila na gawin ang lahat ng iyon. Para magkaroon ng tamang pananampalataya, kailangan mong panatihin ang huwaran, isang mabuting halimbawa, isang mabuting patotoo, harapin ang mga kasalanan, at sawayin ang mga makasalanan. Ang kasalanan ay dapat ilantad, ang pagsisisi ay kinakailangan bago sa pagpapatawad, at ang pagpapatawad ay kinakailangan patungo sa mga nagsisi. Nang sinabi nila sa Panginoon, "***Dagdagan mo ang pananampalataya naming,"*** Ang ibig nilang sabihin ay hindi nila kayang gawin ang hinihiling Niya sa kanila para gawin. Kung gusto mong sumunod, sa gayon ang iyong pananampalatayay ay dagdagan sa inaasahan ni Jesus at makakaya mong makamit ang hinihiling ng Panginoon mula sa iyo para gawin.

Sa pagtugon ni Jesus sa mga tanong ng mga apostol para dagdagan ang kanilang pananampalataya, nagbigay sa kanila ng panibagong dalawang talinghaga upang ipaliwanag sa kanila kung anong nangyayari sa loob nila at kung ano ang mga kapintasan na ipinamumuhay nila.

- A- ***"6 At sinabi ng Panginoon, Kung mangagkaroon kayo ng pananampalataya na kasing laki ng isang butil ng binhi ng mostasa, sasabihin ninyo sa puno ng sikomorong ito, Mabunot ka, at matanim ka sa dagat; at kayo'y tatalimahin." (Lucas 17:6)*** Dito sinabi ni Jesus na kung sila'y mayroong pananampalataya na kasing laki ng isang butil ng binhi ng mostasa, na kung saan ay isang napakaliit na binhi, makakaya nilang sabihin sa sikomorong puno na malaki upang bunutin at maitanim sa dagat, at ito'y susunod. Ang laki ng pananampalataya ay sasabay sa kanilang kagustuhang sumunod. Ang tanong ay ito: Gusto ba nilang sumunod sa mga iniuutos ng Panginoon at gawing eksakto ang nais Niya na gawin nila? Handa ka bang sumunod sa mg autos ni Cristo at gawing eksakto ang nais Niya na gawin mo? Sa maraming mga alagad, ang pananampalataya ay mga himala at kababalaghan, ngunit sa kanlilang sarili ay hindi handang gawin ang kanilang mga tungkulin sa pagpapatupad ng mga utos ni Cristo.
- B- ***"7 Datapuwa't sino sa inyo, ang may isang aliping nagaararo o nagaalaga ng mga tupa, na pagbabalik niyang galing sa bukid ay magsasabi sa kaniya, Parito ka agad at maupo ka sa dulang ng pagkain;8 At hindi sasabihin sa kaniya, Ipaghanda mo ako ng mahahapunan, at magbigkis ka, at paglingkuran mo ako, hanggang sa ako'y makakain at makainom; at saka ka kumain at uminom.9 Nagpapasalamat baga siya sa alipin sapagka't ginawa ang iniutos sa kaniya?10 Gayon din naman kayo, pagka nangagawa na ninyo ang lahat ng mga bagay na sa inyo'y iniutos, inyong sabihin, Mga aliping walang kabuluhan kami; ginawa namin ang katungkulan naming gawin." (Lucas 17:7-10 KJV)*** Sa salasay na ito, sinasabi ni Jesus sa kanila na sila'y may pananagutan sa Dios na gawin sa Kanya ang paglilingkod at sumunod sa uri ng buhay na itinalaga Niya para sa kanila upang mabuhay. Inutusan din sila ng Panginoon kung paano ang kanilang pananampalataya ay maituwid at dagdagan sa pamamagitan ng kanilang kagustuhan na tanggapin ang pagdurusa, pagpapagal, at kahihiyan alang alang kay Cristo gaya ng Kanyang isinalaysay sa kanila sa talinghaga na sinalita tungkol sa buhay ng tanging alipin na iyon. Marami ang lalapit kay Cristo ay inaasahan ang mga himala at kababalagahan na mangyari sa kanilang buhay at iyon ay totoo at tama. Ngunit bukod doon, mayroong mga pagdurusa at sakit na dapat asahan. Marami ang umaasa at inilagay sa kanilang isipa na ang paglapit kay Cristo ang kahulugan ay mga pribrilehiyo, kapangyarihan, pagtaas sa pananalapi, kasarapan, at marami pa at mas maayos na mga pasilidad. Ang salaysay ng alipin na inilagay sa harapan ng Kanyang mga apostol ay ginawa ng mga bagay na mas maliwanag sa kanila at ito ay mas malinaw sa iyo sa araw na ito.

***8. Asahan na masangkot sa mahirap sa iba't ibang uri, "Datapuwa't sino sa inyo, ang may isang aliping nagaararo o nagaalaga ng mga tupa, na pagbabalik niyang galing sa bukid ay magsasabi sa kaniya, Parito ka agad at maupo ka sa dulang ng pagkain;" (Lucas 17:7 KJV)*** Ang alipin na gumagawa sa bukid, nagtatanim, at nagaalaga sa mga hayop, ay mayroong pagpapagal, at dalawang mga pasilidad ay kasama sa kanyang gawain. Siya ay tinawag upang pangasiwaan ang dalawang bagay na magkasama, ang pagtatanim at pag-aalaga sa mga hayop. Asahan ang kapareho sa iyong buhay at paglilingkod sa Dios. Ang iyong lugar na pinagtatrabahuhan ay maaring hingin sa iyo na gawin ang iba't ibang gawain na may parehong halaga ng bayad; kailangan mo pa ring tiisin bilang isang pagkilos ng pagsunod sa pagpapakita sa iyong mabuting pananampalataya at kababang loob patungo sa Dios.

***9. Asahan na masangkot sa mahabang oras sa paggawa, "na pagbabalik niyang galing sa bukid ay magsasabi sa kaniya," (Lucas 17:7 KJV):*** Ang aliping ito ay sinimulan ang kanyang araw nang maaga, at kapag ang alipin ay bumalik sa tahanan nanghihina sa dapit hapon, sa tahanan, siya ay walang pahinga, ngunit kailangang patuloy na gumawa at ihanda ang pagkain ng kanyang panginoon, pagkatapos tatayo at maghihintay para sa kanyang panginoon na matapos. Sa gayon maging mahinahon at magtiyaga sa paggawa ng lahat ng iyong mga takdang gawain.

***10. Huwag magreklamo kundi magpasalamat na ikaw ay may trabaho na gawin, kalakasan upang gumawa, pagkain upang makakain at lugar na matutuluyan at tutulugan, "at saka ka kumain at uminom" (Lucas 17:8)*** Sa ating binasa sa talinghagang ito ni Jesus, na ang aliping iyon ay kailangang gumawa nang gumawa, isang bahay na babalikan, at pagkain at inumin upang masiyahan. Magpasalamat sa lahat nang ibinigay sa iyo, kahit sa maliliit na bagay. Magpasalamat para sa kalakasan na ibinibigay ng Dios sa iyo na gawin ang lahat ng kinakailangan sa iyo. Bukod doon, kapag ikaw ay nagtatrabaho ang iyong budhi ay magiging malinaw sa tao at sa Dios dahil alam mo na nagawa mo nang maayos ang iyong bahagi.

***11. Huwag ilagay sa iyong isip na ang mga tao ay magiisp tungkol sa iyong mahirap na gawain at alukin ka ng pahinga at pagkain na kakainin, "na pagbabalik niyang galing sa bukid ay magsasabi sa kaniya, Parito ka agad at maupo ka sa dulang ng pagkain?" (Lucas 17:7 KJV):*** Nang ang alipin ay bumalik sa tahanan, hindi niya inilagay sa kanyang isipan na ang kanyang panginoon ay iisipin kung gaano siya nagpakapagal at yaon ay kailangan niya ng pahinga at aalukin siya ng pagkain at pampalamig. Marami sa naglilingkod sa Dios ay inaasahan ang mga taong pinaglilingkuran nila ay mararamdaman ang kanilang kahirapan at pahahalagahan ang kanilang pagsusumikap. Iyon ay totoo, ngunit sa katotohanan, ang mga tao ay makasarili, at mahilig sa pagmamalabis, at nanamantala sa mga alipin ni Cristo. Kung ikaw ay desididong sumunod kay Cristo at maglingkod sa Kanya, sa gayon sa naunang nabanggit na mga detalye ay mabuting alintuntunin at mahusay na paraan upang isagawa. Ito ay mas mabuti na huwag kang umasa, kaya kapag hindi mo makita ng mga tao na magtrato sa iyo ng mabuti o isipin ka, kung gayon hindi ka matatakot, maiinis at panghinaan ng loob.

***12. Huwag ilagay sa iyong isip ang pagpapahalaga, pag-anyaya, kagalakan at pagpapasalamat patungo sa iyong mabuting paglilingkod at mga gawa, ''Nagpapasalamat baga siya sa alipin sapagka't ginawa ang iniutos sa kaniya? Hindi ako naniniwaala.'' (Lucas 17:9 KJV)*** Kung patuloy ka pa ring naghihintay ng pagpapahalaga, pag-anyaya, gantimpala, pagpapasalamat galing sa mga tao, mag-isip muli, ito y hindi mangyayari, at ang ganooong inaasahan ay maghahantong sa iyo sa pagkabigo at pakadismaya. Sa lahat ng iyong ginawa, gawin ito para sa Panginoon at hindi para sa tao, at siya mismo ang maggagantimpala sa iyo. ***''23 Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao ;24 Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo.'' (Colosas 3 :24-25 KJV)***

***13. Balikan ang lahat ng kailangan mong gawin at tiyakin na gawin ang lahat ng mga ito, ''Gayon din naman kayo, pagka nangagawa na ninyo ang lahat ng mga bagay na sa inyo'y iniutos, inyong sabihin, Mga aliping walang kabuluhan kami; ginawa namin ang katungkulan naming gawin." (Lucas 17:7-10 KJV):*** Walang sinuman ang gagawa sa iyong tungkulin, Ako at ikaw ay naglilingkod kay Cristo, at mula sa Kanya ay nagmumula ang kaligtasan, walang hanggang buhay, mga pangako at ganting-pala. Sa gayon tayo ay may pananagutan sa Kanya at ang ating mga paningin ay nasa sa Kanya at sa Kanyang mga utos upang gawin ang mga ito. Ang pagmamataas ay makakagawa sa iyong tingnan ang isang bagay na makukuha mula sa ibang tao ngunit ang kababaang loob makikitang mong malinaw na ikaw ay naglilingkod kay Cristo at ginagawa mo ang lahat ng itinawag sa iyo upang gawin upang paluguran Siya. Ihanda ang iyong isip at patuloy na gawin ang iyong tungkulin ng maayos.

***14. Suriin ang iyong sarili ngayon at tingnan ang mga bagay na hindi mo nagawa, upang mabilis na maisakatuparan ang mga ito, "''Gayon din naman kayo, pagka nangagawa na ninyo ang lahat ng mga bagay na sa inyo'y iniutos, inyong sabihin, Mga aliping walang kabuluhan kami; ginawa namin ang katungkulan naming gawin." (Lucas 17:10 KJV)*** Huwag sayangin ang iyong oras sa mga pagtatalo, at awa sa sarili, na hindi makakatulong sa iyo, ngunit sa halip maging matalino at gamitin ang pagkakataon upang iperpekto ang iyong pananagutan patungo kay Cristo at sa Kanyang pagtawag sa iyong buhay. Patuloy na

maging masipag sa paglilingkod kay Cristo sa paglilingkod sa Kanya at sa Kanyang bayan. Maging isang halimbawa sa iba sa pagsusumikap, kababaang loob, at pagpapasakop sa kalooban ng Dios.

***15. Hayaang ang pahayag na ito ay maging salawikain ng iyong buhay, ''Gayon din naman kayo, pagka nangagawa na ninyo ang lahat ng mga bagay na sa inyo'y iniutos, inyong sabihin, Mga aliping walang kabuluhan kami; ginawa namin ang katungkulan naming gawin." (Lucas 17:7-10):*** Hindi lamang upang sabihin ito kundi kailangan mo ring isabuhay ito.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ako'y nanalangin na itong Salita ng Dios ay makatulong sa iyo, at magtuwid at magdagdag ng iyong pananampalataya. Ang pamantayang itinuturo sa atin ng Salita ng Dios upang ipamuhay ay ginagawang mas mapadali ang ating paglalakbay patungo sa Langit at kakaunting sakit, galit, pagrereklamo, pag-aalala, walang pagpapatawad, at awa sa sarili. Bumalik sa iyong pag iisip, at unawain ang paraang ito ng buhay at paglilingkod. Hinggin sa Dios ang kapatawaran sa iyong mga kasalanan at kung ikaw ay tumaktabo sa ibang pamantayan, kung gayon kailangan mong ituwid ang iyong sarili at muling ipangako ang iyong buhay upang patuloy na maglingkod sa Kanya sa naipaliwanag na paraan sa itaas bilang ikaw ay sumasangayong manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa kamatayan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon, ako'y nagpapasalamat sa iyo para iyong salita na ginawa mong malinaw ang mga bagay sa akin.*

*Tayo ay magsisi at talikdan ang lahat ng ating mga kasalanan. Ating talikdan ang panghihina ng loob, pagrereklamo, galit, paghihiganti, kawalan ng pagpapatawad, katamaran, kawalang paggtitiyaga at magdusa para kay Cristo. Panginoon hinihingi ko ang iyong kapatawaran para sa sumusunod na mga kasalanan. ________________________.*

*Panginoon, ngayon aking ipinapangako ang aking buhay na mabuhay para sa iyo at maglingkod gaya itinuro sa akin ng iyong Salita sa mensaheng ito. Panginoon pakiusap palaging paalalahanan ako, tulungan ako, at alalayan akong magtagumpay, at ibigay ang aking mga kailangan upang patuloy na maglingkod sa iyo.*

*Panginoon salamat para sa aking mg kapatid na itinalaga ang kanilang buhay para sa iyo. Panginoon tulungan silang lumago at paging dapatin sila na ipahayag ang higit ng bunga ng Banal na Espiritu sa kanilang buhay, upang makita ng mga tao si Jesus nang malinaw sa kanilang buhay at maakit sa iyo sa kanilang mabuting patototoo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan naming magevagelioo at abutin ang naliligaw at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon paging dapatin kaming makapagtanim pa ng pag-aaral ng Bibliya at maraming kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 64. Magkaroon ng Tamang Pananampalataya. Lucas 17:1-10, Colosas 3:23-24.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com